

20 proyekto ngayong 2020 ibinida ng DOST

Ni Allan Mauro V. Marfal, DOST-STII

Dalawang proyekto at serbisyo ng Department of Science and Technology (DOST) ang ibinida at isa-isang ipakikilala sa iba't ibang panig ng bansa sa buong taon. Pinamagatang "20 in 2020" na tumutukoy sa mga serbisyo, produkto, pasilidad, at pag-aaral na dinebelop ng mga siyentipiko mula sa mga ahensya ng DOST, akademya, at pribadong organisasyon.

Sa isinagawang paglulunsad nito noong ika-20 ng Pebrero 2020 sa Hotel Jen sa lungsod ng Pasay, ipinagmalaki ni DOST Secretary Fortunato T. de la Peña sa harap ng mga miyembro ng media na ang 20 proyekto na ito ay tutugon sa mga pangunahing suliranin ng bansa, partikular na sa larangan ng agrikultura, kalusugan at nutrisyon, edukasyon, paghahanda sa kalamidad, transportasyon, at pagpapaunlad ng mga lugar sa kanayunan.

"Sa paglulunsad ng mga proyektong ito, nais namin maipakita sa lokal na pamahalaan at lokal na komunidad kung paano binibigyan

Mga Nilalaman

DOST, ADMU nagtayo ng smart groundwater monitoring stations sa Iloilo City.....	p2
Kahalagahan ng RA 10055 isinulong sa Visayas.....	p3
LarawaNews.....	p4



Ipinakilala ni DOST Secretary Fortunato T. de la Peña sa miyembro ng media noong ika-20 ng Pebrero 2020 ang 20 proyekto ng ahensya na bibida ngayong taon. (Larawan ni Henry A. de Leon, DOST-STII)

ng solusyon ng ating mga siyentipiko, mananaliksik, at mga eksperto ang kani-kanilang mga suliranin sa pamamagitan ng pagbibigay ng moderno at alternatibong solusyon", paglalahad ni DOST Sec. de la Peña.

Kabilang sa 20 proyekto na ipinakilala ng DOST ay ang posibilidad ng paglulunsad ngayong taon na dalawang lokal na nanosatellites, anti-dengue drug at biomedical devices, 12-horsepower single cylinder diesel engine, at ang automated guideway transit sa probinsya ng Bataan.

Kasama rin sa 20 programa ang Understanding Lightning and Thunderstorms for Extreme Weather and Monitoring and Information Sharing o ULAT, komprehensibong programa sa nutrisyon, at kolaborasyon sa pagitan ng DOST at Department of National Defense.

Bahagi rin ang paglulunsad ng pangmalawakang tissue-cultured coconut planting day, pagpapakilala ng lokal na

barko na tinatawag na Hybrid Trimaran, mga tinaguriang smart cities, paglulunsad ng mga serye na librong "Science for the People", konsiyerto gamit mga instrumentong gawa sa kawayan, at pagsasagawa ng eksposisyon ng mga inobatibong produkto at serbsiyong may kinalaman sa paghahanda sa mga sakuna.

Ilang pasilidad din ang pasisinayanan ng DOST ngayong taon. Kabilang na rito ang fully-automated gamma irradiation facility, Regional Yarn Production and Innovation Center sa Miagao, Iloilo City, at laboratoryo para sa mga ornamental na halaman sa Bulacan. Ngayong taon din ay magiging operasyonal na ang ilang makabagong laboratoryo ng DOST-Industrial Technology Development Institute.

Para sa karagdagang impormasyon sa "20 in 2020" ng DOST, maaaring bisitahin ang www.dost.gov.ph at i-download ang technology catalogue para sa mga nasabing proyekto.

DOST, ADMU nagtayo ng smart groundwater monitoring stations sa Iloilo City

Ni David Matthew C. Gopilan, *DOST-STII*
Mga Larawan mula sa DOST-PCIEERD



Pinangunahan ni DOST Secretary Fortunato T. de la Peña (gitna) ang pagtatayo ng smart ground monitoring stations sa Iloilo City.

Upang higit pang paigtingin ang pangangasiwa ng groundwater o tubig sa ilalim ng lupa, ikinabit ang apat na smart groundwater monitoring stations sa Iloilo City. Dahil ito ay may smart sensors, ito ay kusang nag-uulat ng real-time na mga datos tungkol sa lebel ng tubig sa ilalim ng lupa.

Pinangunahan ito ng Department of Science and Technology– Philippine Council for Industry, Energy and Emerging Technology Research and Development (DOST-PCIEERD) kasama ang mga mananaliksik mula sa Ateneo de Manila University (ADMU) sa pamumuno ni Dr. Maria Aileen Leah G. Guzman ng Department of Environmental Science-ADMU at National Water Resources Board (NWRB).

“Today marks a significant event as we officially present the locally developed cost-effective system for water wells monitoring here in Iloilo City, installed in Pavia National High School and in Barangay Consolacion, San Miguel. Through these facilities, automated and real-time monitoring of groundwater reservoirs consisting of various sensors, data logging, and telemetry equipment to measure water’s quantity and quality can be done,” ani ni DOST Secretary Fortunato T. de la Peña.

Makikita ang mga datos na nakakalap ng mga monitoring station sa ThingSpeak mobile

application at admuwater.com web portal. Bilang karagdagan, nag-uulat na rin ito ng data analysis na tiyak na makatutulong sa pangangasiwa ng groundwater. Isa na ang NWRB sa makikinabang dito.

Ang mga pagkakabit ng mga nasabing groundwater monitoring station ay bahagi ng isang malaking proyekto nina Dr. Guzman at mga kasamahan sa ADMU na naglalayong bumuo ng groundwater management plan at monitoring system sa sampung lungsod sa buong bansa. Iniulat ng NWRB at Japan International Cooperation Agency na kabilang ang Iloilo City sa mga lungsod sa Pilipinas

na madalas makaranas ng suliranin sa tubig. Kasalukuyang 93% na ng suplay ng groundwater ang nagamit ng Iloilo at walang katiyakan ang panunumbalik ng yamang tubig nito.

Kaakibat nito ay ang pagsagagawa ng isang workshop upang mangalap ng lokal na kaalaman para maunawaan ang mga suliraning hinaharap sa pamamahala ng yamang tubig sa Iloilo City. Pinangunahan ito ng ADMU, DOST, at Natural Environment Research Council-British Geological Survey sa tulong ng PH-UK Newton Agham Joint Cooperation Program.



Mga miyembro ng Philippine Groundwater Outlook Project kasama si DOST Sec. Fortunato T. de la Peña.

Kahalagahan ng RA 10055 isinulong sa Visayas

Ni Rosemarie C. Señora, *DOST-STII*



Ang mga kalahok sa isinagawang information drive ng DOST-TAPI ukol sa mga binagong polisiya kaugnay ng intellectual property noong ika-04 hanggang ika-05 ng Pebrero 2020 sa Golden Prince Hotel and Suites, Cebu City. *(Larawan mula sa DOST-TAPI)*

Upang mas lalong maunawaan ang mga bagong polisiya ukol sa intellectual property o IP, tinipon ng Department of Science and Technology-Technology Application and Promotion Institute ang mahigit 50 kinatawan mula sa regional offices ng DOST, mga pampublikong unibersidad at kolehiyo, at institusyon ng higher learning sa Visayas para sa isang information drive noong ika-04 hanggang ika-05 ng Pebrero 2020 sa Golden Prince Hotel and Suites, Cebu City.

Ikaapat na ito sa serye ng information drive na isinasagawa ng ahensya sa buong bansa sa layuning pag-isahin ang kaalaman ng lahat ukol sa pagbabagong naganap sa mga polisiya ukol sa IP.

“After a rigorous process and meticulous study, we can now present to you the approved amended policies that will guide us into proper protection and management of our research and development works,” ani ni Romeo M. Javate, ang officer-in-charge ng Investment and Business Operations Division (IBOD) ng DOST-TAPI.

Ayon kay Javate, malinaw ang mga gagampanang tungkulin ng mga kalahok ukol sa pag-iingat at pangangasiwa ng IP ng kanilang mga isinasagawang pananaliksik.

Simula nang maisabatas ang Philippine Technology Transfer Act of 2009 o Republic Act (RA) 10055 noong 2010, ang DOST sa pamamagitan ng DOST-TAPI ay masigasig na nagsasagawa ng mga aktibidad upang masuportahan ang layunin ng nasabing batas na matagumpay na maisalin ang mga resulta ng pinondohang pananaliksik ng pamahalaan para sa ikabubuti ng mga Pilipino.

Ayon rin sa Implementing Rules and Regulation o IRR ng naturang batas, responsibilidad ng DOST na ipaliwanag ang IP policy at maglatag ng mekanismo hinggil sa technology transfer activities.

“Ang binagong mga polisiya hinggil sa IP ay tumatalakay sa kahusayan at pagiging epektibo ng implementasyon ng naturang batas,” sabi ni Atty. Lucieden Raz, Project Officer IV ng IBOD.

Ipinahayag naman ni Atty. Marion Ivy Decena ng Invention Development Division

(IDD) ng DOST-TAPI ang mga patnubay sa paglalabas ng Fairness Opinion Report o FOR at ng Written Recommendation.

Sa ikalawang araw ng aktibidad, ibinahagi rin ng DOST-TAPI sa mga kalahok, sa pangunguna ni Glenda Rima ng IDD, ang mga programang isinasagawa ng ahensya para sa regional offices ng DOST, SUCs at higher education institutions, kabilang na ang Intellectual Property Rights Assistance Program o IPRAP na partikular na para sa research academes, ang Invention Testing and Analysis Assistance, at ang Invent School Program.

Ibinahagi rin nina Rodel Oracion at Theda Mae Umali ang tungkol sa programa ng IBOD na Venture Financing at DOST Academe Technology-Based Enterprise Development o DATBED.

Nauna nang nagsagawa ng information drive ang DOST-TAPI na ginanap sa Midas Hotel, Pasay City noong Oktubre 2019, sa Baguio City noong Nobyembre 2019 at sa Davao City noong Disyembre 2019. *(Impormasyon mula kay Mary Anichie C. Itoh, DOST-TAPI)*

DOST at DAP target ang 30k na makapagtapos ng Data Science at Analytics sa 2022

Ni Allan Mauro V. Marfal, DOST-STII

Dahil sa patuloy na pagtaas ng pangangailangan ng mga propesyunal sa larangan ng Data Science at Data Analytics sa loob at labas ng bansa, target ng (DAP) na makapagpatapos ng aabot sa 30,000 na mag-aaral sa taong 2022.

Noong ika-24 ng Pebrero 2020 sa Green Sun Hotel sa lungsod ng Makati, pormal na inilunsad ang Project SPARTA o Smarter Philippines through Data Analytics R&D, Training and Adoption. Layunin nito na bumuo ng mekanismo kung saan epektibong makakapagsagawa ng online classes ang mga propesor at mga iskolar sa iba't ibang kursong sakop ng programa.

Ayon sa pag-aaral ng Asia-Pacific Economic Cooperation o APEC, mangangailangan ang bansa ng 340,880 na mga propesyunal na may kaalaman sa data science at analytics sa taong 2022. Lumabas din ditto ang matinding pangangailangan ng bansa sa mga datos na may malaking gagampanan sa pagbuo ng desisyon, polisiya, at istratehiya ng iba't ibang sektor.

Naniniwala si DOST Secretary Fortunato T. de la Peña na palalakasin ng Project SPARTA ang operasyon at produkto ng mga ahensya ng pamhalaan at pribadong kumpanya. Paliwanag niya na ang pagkakaroon ng mataas na bilang ng mga propesyunal na may mataas na



Pinangunahan ni DOST Sec. Fortunato T. de la Peña (kaliwa) at ni DAP President and CEO Engelbert Caronan Jr. ang paglulunsad ng Project SPARTA o Smarter Philippines through Data Analytics R&D, Training and Adoption noong ika-24 ng Pebrero 2020 sa Green Sun Hotel, lungsod ng Makati. (Larawan mula kay Gerardo G. Palad, DOST-STII)

kaalaman sa pagkuha at pag-analisa ng mga datos ay susi upang bigyan ng karampatang solusyon ang mga krisis na kinakaharap ng bansa lalo na sa sektor ng agrikultura, transportasyon, at edukasyon.

Ilan sa mga kursong ito ay: Data Associate, Data Steward, Data Engineer, Data Analyst, Data Scientist, at Analytics Manager.

Samantala, katuwang ng DAP ang Analytics

Association of the Philippines at Coursebank sa paggawa ng iba't ibang modyul para mga kursong iaalok sa ilalim ng Project SPARTA. Ang DOST- Philippine Council for Industry, Energy and Emerging Technology Research and Development (DOST-PCIEERD) ang naatasang magmonitor sa implementasyon nito.

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring bisitahin ang <https://sparta.dap.edu.ph/>.

LarawaNEWS

Inilunsad ang dalawang waste management technology sa lokal na pamahalaan (LGU) ng Sirawai, Zamboanga del Norte. Ipinakita ng Department of Science and Technology (DOST) Region IX and Bioreactor (kaliwa) at Plastic Densifier (kanan) sa isang information drive na naglalayong mapalawig pa ang kapasidad sa paglikha at mapatupad ang Ecological Solid Waste Management Act (RA 9003) sa lugar. Sa tulong ng Bioreactor, ang mga basurang nabubulok ay ginagawang pampataba ng lupa na maaaring idagdag sa pagsasaka. Kaya nitong gawing fertilizer ang 80% nang kabuuang carrying capacity nito. Samantala, gumagamit naman ng init ang Plastic Densifier para lumambot ang mga styrofoam at plastik, at mahulma sa iba't ibang mga kagamitan gaya ng mesa, upuan, brick, at iba pang kagaya nito. Kaakibat ang DOST-Industrial Technology Development Institute (ITDI), nakatutulong ang mga teknolohiyang ito upang lubos na matugunan ang suliranin sa organiko at di-organikong basura. Para sa iba pang impormasyon hinggil sa mga DOST composting technology, maaaring makipag-ugnayan sa (062) 991-1024/ (065) 212-2244/908-0117 o magpadala ng mensahe sa 0998-792-4622 at hanapin si Mark Vincent J. Baliña, o mag-email sa dost9info@gmail.com. Maaari ring bumisita at makipag-ugnayan sa www.facebook.com/DOSTRegion9. (Teksto ni Christel Marie R. Castillo, DOST-STII, Larawan mula sa Glupa Gulian Agro-Tourism Eco Park at FSK Builders, at impormasyon mula kay Mark Vincent J. Baliña, DOST-IX)

